Illinois State Board of Education

100 North First Street • Springfield, Illinois 62777-0001
www.isbe.net

Jesse H. Ruiz
Chairman

Rod Blagojevich
Governor

Christopher A. Koch, Ed.D.
State Superintendent of Education

Hulyo 23, 2008

Mahal na Magulang:

Bilang Superintendente ng mga Paaralan ng Estado, ang aking pakiramdam ay mahalagang malaman ninyo ang isang pagbabagong naganap sa loob ng nakaraang taon sa paaralan hinggil sa mga taunang eksamen ng estado para sa mga estudyante ng English Language Learning (ELL), o Pag-aaral ng Wikang Inggles.

Sa halip na sumailalim sa eksamen ng estado na tinatawag na Illinois Measure of Annual Growth in English (IMAGE), and mga mag-aaral ng ELL sa kasalukuyang taon ay sumailalim sa isa sa mga general state annual assessments ng Illinois, o taunang pangkalahatang eksamen ng estado na may mga accommodation, o mga pagbabago sa pagbigay ng eksamen. Ang mga mag-aaral ng ELL mula grado 3 hanggang grado 8 ay sumailalim sa Illinois Standards Achievement Test (ISAT) at ang mga estudyante ng ELL na nasa grado 11 ay sumailalim sa Prairie State Achievement Exam (PSAE). Kinailangan ang Illinois na gawin ang pagbabagong ito ng medyo sa dakong huli ng taon upang tumalima sa No Child Left Behind Act (NCLB) ng pamahalaang pambansa.

Bilang bunga nito, ang mga distritong pampaaralan at ang kanilang mga guro ay nangapos ng panahon upang mahanda ang mga mag-aaral para sa eksameng ginanap nitong nakaraang tagsibol. Kapag sisiyasatin ninyo ang report card, o ulat tungkol sa pag-unlad, para sa taong 2008 ng inyong paaralan at ng inyong distrito, may makikita kayong agwat sa pagitan ng pagtupad ng mga mag-aaral ng ELL sa taunang assessment performance results, o mga resulta ng pagtasa ng pagsasakatuparan, ng kasalukuyang taon kapag paghahambingin ninyo ito sa pagganap nila noong mga nauunang taon. Anumang pagbabang ganoon sa pagtupad ng mga mag-aaral ng ELL ay hindi dapat ipalagay na kasiraan ng mga mag-aaral o ng kanilang mga guro.

Ang Illinois State Board of Education (ISBE) ay isang pinuno ng bansa sa larangan ng edukasyong bilingguwal, o edukasyong gumagamit ng dalawang wika, sa buong itinagal ng higit sa nakaraang 30 taon. Ang aming kasalukuyang pangako sa Bilingual Education at sa aming mga estudyanteng ELL ay nananatiling kasing-tatag ng aming pangako kailanman. Ang ISBE ay nakapangakong sisiguraduhin ang LAHAT ng mag-aaral ay sasailalim sa mga angkop na eksamen upang maipakita ang kanilang mga natututuhan. Ipagpapatuloy ng ISBE ang pakikipagtulungan sa ibang mga kapisanan at programa sa lahat ng dako ng Illinois at ng bansa upang mapaunlad at maisagawa ang mga angkop na eksamen ng estado para sa LAHAT ng mga mag-aaral.

Siniyasat namin ang mga guro sa lahat ng dako ng estado upang makilala kung alinman sa mga accommodation, o mga pagbabago sa pagbigay ng eksamen, ang pinaka-angkop para sa aming mga mag-aaral ng ELL at upang matiyak ang mga pagbabagong dapat isagawa para sa panahon ng pagtasa sa taong 2009. Sa tulong ng mga dalubhasa ng bansa na aming kinokonsulta, ang ISBE ay bumubuo ng Five-Year Assessment Plan, o plano ng pagtasa para sa limang taon, para sa lahat ng mga estudyante ng ELL, na magkakaroon

ng mga kasamang salin at pagbabago upang maalis ang hindi kailangang lengguwaheng masalimuot. Gayundin, magkakaroon ng karagdagang tulong pangmata at grapiko.

Maraming salamat muli para sa inyong pasyensiya habang tinatahak namin ang panahon ng pagbabago at para sa inyong pagmamalasakit sa edukasyon ng inyong anak.

Salamat po,



Christopher A. Koch, Ed.D.
Superintendente ng mga Paaralan ng Estado